

Panalangin ng Pagpapaubaya sa Kalinis-linisang Puso ni Maria



Birhen ng Fatima, * Ina ng Awa, * Reyna ng langit at lupa, * Sandigan ng mga makasalanan, * kami ay bukod tanging nagpapaubaya ng sarili * sa Iyong Kalinis-linisang Puso. * Sa pagpapaubaya naming ito, * nais naming isabuhay, * kasama mo at sa pamamagitan mo, * ang lahat ng aming pananagutan bilang mga binyagan. * Nangangako rin kaming gawin ang pagbabalik-loob * na masidhing hinihingi ng Ebanghelyo, * na siyang magpapalaya sa amin sa pansariling hangarin at pakikiuso sa mundo; * upang tulad mo, * kami'y maging tanging nakalaan lamang * na sunding lagi ang kalooban ng Ama.

Para maituon mo ang aming buhay sa hangarin mong maligtas ang lahat, * sa oras na ito ng pagpapasya dahil sa nakababahalang lagay ng mundo, * nangangako kami, * O Inang pinakamatimyas at pinakamaawain, * na mamuhay ayon sa iyong mga hinahangad: * lalong-lalo na sa maalab na pagdarasal at pagpapakasakit, * sa taimtim na pakikiisa sa Banal na Eukaristiya at pagkawanggawa, * sa pagdarasal ng rosaryo araw-araw, * gayon din sa payak na pamumuhay * na siyang huwaran para sa lahat * sa pagsunod sa Utos ng Diyos * at pagsasabuhay ng mga punong kabanalan * lalo na ng kalinisan.

Nangangako rin kami na maging kaisa ng Sto. Papa, * kasama ng mga obispo at mga pari * upang hadlangan ang lumalaganap na pagsiphayo sa Turo ng Simbahan * na nagbabanta ng panganib sa pinakasaligan nito.

Sa ilalim ng iyong pangangalaga, * nais naming maging mga sugo ng pagkakaisa * sa pagdarasal at pagmamahal sa Santo Papa, * na sa iyong pagkalinga ay aming ipinaubaya.

At sa huli, * ipinangangako namin sa abot ng aming makakaya, * na akayin ang sinumang makaugnayan * sa panibago at malalim na debosyon sa iyo.

Batid ang matinding pagtamlay ng pananampalataya dulot ng ateismo, * batid din ang kalapastanganang nagaganap maging sa loob ng santuwaryo, * at batid ang walang patumanggang paglaganap ng kasamaan at kasalanan sa mundo, * lakas-loob naming itinataas ang aming paningin sa iyo, * mahal na Ina ni Hesus at Ina naming maawain at makapangyarihan. * Muli naming isinasamo ang aming pinakahihintay mula sa iyo, * ang kaligtasan naming lahat na iyong mga anak, * O mahabagin, * O mapagmahal, * O masintahing Biheng Maria.